



**FAQ (Mga Madalas Itanong)**  
**74 6th St (The Baldwin Hotel) | 74 6th Street, San Francisco, CA 94103**

**Ano ang panukalang proyekto sa 74 6th St (The Baldwin Hotel)? Para kanino ito?**

Kasalukuyang ginagamit ang Baldwin Hotel sa 74 6th Street bilang permanenteng pansuportang pabahay. Gayunpaman, dahil maliliit ang kuwarto at kulang ang mga amenidad, iminumungkahi ng HSH ang pagsasara sa Baldwin bilang PSH at muling pagbubukas dito bilang isang non-congregate SAFE Navigation Center na may humigit-kumulang 160 kuwarto para sa mga nasa hustong gulang at mag-asawang walang matirahan.

Na-master lease na ng Tenderloin Housing Clinic (THC), katuwang ang Department of Homelessness and Supportive Housing, ang Garland Hotel na papalit sa permanenteng pabahay na iniaalok ng Baldwin Hotel. Ang lahat ng naninirahan sa Baldwin ay aalukin ng pabahay sa Garland o sa iba pang katulad na gusali ng PSH.

Mag-aalok ang Baldwin ng opsyon para sa pribadong kuwartong shelter na nakabatay sa tagumpay ng Shelter in Place hotel model, at may kasama itong elevator, medikal na klinika, mga tanggapan ng staff, mga lugar para sa pagpupulong, mga panlahatang banyo, guest laundry, kusina/pantry, mga pagkain, lobby/reception, at pangkomunidad na espasyo para sa mga bisita. Kasama sa mga serbisyo ang 24/7 na staff at pamamahala ng kaso.

**Ano ang non-congregate shelter?**

Nagbibigay ang mga non-congregate shelter ng mga pribadong kuwarto para sa mga bisita. Batay sa mga aral na hango sa SIP Hotel program, papalawakin ng HSH ang mga opsyon para sa semi- at non-congregate shelter ng Departamento.

Iko-convert ng City ang gusali ng Baldwin bilang Permanenteng Pansuportang Pabahay at gagawin itong isang non-congregate Navigation Center program. Mahalaga ang mga Navigation Center sa pagbabawas ng bilang ng mga walang matirahan na hindi maipasok sa mga shelter, at sa pagkonekta ng mga bisita sa mga serbisyo at tulong sa pabahay. Layunin ng SAFE Navigation Center program na ito na matulungan ang mga pinagsisilbihang populasyon na makakuha ng mga pang-emergency na matutulugan sa gabi, mga serbisyo sa kita, mga pampublikong benepisyo, mga serbisyo sa kalusugan, paglutas ng problema, at pabahay, kung mayroon. Gumagamit ang program na ito ng low barrier, harm reduction model, may mga limitado itong patakaran at nakatuon ito sa mga partikular na aksiyon ng mga bisita sa halip na mga functional na adiksiyon o problema.

**Ano ang proseso ng pag-apruba at pagpapatuloy? Isa pa, ano ang timeline?**

Kasalukuyang nasa proseso ang HSH ng pagpapaalam at pakikipag-ugnayan sa komunidad para sa proyektong ito:

- Pinadalhan na ng sulat ang mga kapitbahay.

## FAQ ng Baldwin Hotel

- May ipinaskil nang abiso sa gusali.
- Nakadetalye ang proyekto sa website ng HSH.

Magho-host ang HSH ng pangkomunidad na pulong para sa proyektong ito sa **Marso 8, 2022**. Kasunod ng proseso ng pakikipag-ugnayan sa komunidad, ikokonsidera ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ang awtorisasyon sa kontrata ng proyektong ito. Malamang na lalabas ang awtorisasyon ng Board of Supervisors sa huling bahagi ng Abril o maagang bahagi ng Mayo 2022.

Makikita ang mga karagdagang impormasyon tungkol sa panukalang proyektong ito sa website ng HSH sa: [hsh.sfgov.org/get-involved/notices/](https://hsh.sfgov.org/get-involved/notices/)

### Para saan ginagamit ang kasalukuyang site? Kung may mga kasalukuyang naninirahan dito, ano ang mangyayari sa kanila?

Kasalukuyang ginagamit ang Baldwin Hotel para makapagbigay ng 158 unit ng Permanenteng Pansuportang Pabahay para sa mga nasa hustong gulang. Ang mga kasalukuyang naninirahan ay aalukin ng unit sa ibang PSH site na nasa portfolio.

### Inuupahan ba ng City ang site na ito? Kung oo, gaano katagal? Kung hindi City ang umuupa, sino?

Papasok sa isang bagong kontrata sa pagpapaupa ang napiling pansamantalang tagapagbigay ng serbisyo sa pabahay at ang may-ari ng gusali. Ang kasalukuyang tagapagbigay ng serbisyo sa PSH, ang THC, ay may kasalukuyang master lease agreement sa may-ari ng gusali na wawakasan sa panahon ng transisyon.